SAGISAG NG SANGGUNIANG BAYAN
BUSTOS, BULACAN

OFFICE OF THE MAYOR
Bustos, Bulacan
RECEIVED
by: [signature]
Date: 11/26/24 Time: 8:40

# KAPASIYAHAN BLG. 2024-110

## "NAGGAGAWAD O NAGBIBIGAY PAGKILALA SA SAMAHANG BUSTOS DIABETIC CLUB DITO SA BAYAN NG BUSTOS, BULACAN."

---

*Pinagtibay sa pagtataguyod ni:*

**Igg. Phillip Wryner B. Santos**

*Tagapangulo*
**Lupon sa Kagalingan at Serbisyong Panlipunan**

---

**SAPAGKA'T,** isinasaad sa Seksyon 34 ng Kodigo ng Pamahalaang Lokal, na ang Pamahalaang Lokal ay dapat magsulong ng pagtatatag at pagpapatakbo ng mga non-governmental organization upang maging aktibong katuwang sa paghahangad ng lokal na awtonomiya;

**SAPAGKA'T,** noong ika-15 ng Hunyo 2022 ay ibinaba ng Kagawaran ng Interyor at Pamahalaang Lokal ang Memorandum Circular No. 2022-083 na nauukol sa "*Guidelines on the accreditation of civil society organizations and selection of representatives to the local special bodies*";

**SAPAGKAT,** sang-ayon sa nasabing Memorandum Circular 2022-083 ay maaaring bigyang pagkilala o *recognition* ang mga samahan kahit na ito ay may mga kulang na dokumento.

**SAPAGKAT,** isa sa mga tungkulin ng Sangguniang Bayan ay bigyang lakas at tinig ang partisipasyon ng mamamayan sa Pamahalaan.

**SAPAGKA'T**, sa ginanap na pagpupulong ay minarapat ng mga Kasangguning dumalo na bigyan ng Sertipiko ng Pagkilala ang lahat ng mga Organisasyong Di-Pampamahalaan (Non-Governmental Oranizations) na hindi pa nabibigyan ng Sertipiko ng Akreditasyon.

**KUNG KAYA'T,** sa pagtataguyod ni **IGG. PHILLIP WRYNER B. SANTOS** na buong pagkakaisang sinang-ayunan ng lahat ng kasangguning dumalo sa pulong na ito.

**IPINASIYA, gaya ng dito ay IPINASISIYA**, na bigyan o gawaran ng pagkilala ang Bustos Diabetic Club dito sa bayan ng Bustos, Bulacan.

**PINAGTIBAY,** ngayong ika-21 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat sa Bulwagang Amado S. Raymundo, Poblacion, Bustos, Bulacan.

| | |
|---|---|
| **Marie Niña Nikkie Perez, MA**<br>Kasangguni | **Leo T. Santos**<br>Kasangguni |
| **Phillip Wryner B. Santos**<br>Kasangguni | **Juliet DJ. Dela Cruz**<br>Kasangguni |
| **Aljhaneal E. Quiñones**<br>Kasangguni | **Soliman C. Santos**<br>Kasangguni |
| **Wilfredo G. Canoza**<br>Kasangguni | **John Erick L. Perez**<br>Kasangguni |
| **Engr. Fortunato SJ. Angeles, MPA**<br>ABC President | **Kyle Gabrielle DR. Navarro**<br>SK President |

**PINAGTITIBAY:**

**Martin SJ. Angeles, MMPA**
Pangalawang Punong Bayan at
Tagapangulo ng Sangguniang Bayan

**SERTIPIKASYON:**

Pinatutunayan ko na ang Kapasiyahang ito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ngayong ika-21 ng Oktubre taong Dalawang Libo at Dalawampu't Apat.

**ATTY. GERARDO S. BRIASA**
Kalihim